# Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 23, 2022

## ST307. SOTERIOLOGY: 7. Call

### Call - Ang Pagtawag ng Diyos

Call ang susunod sa regeneration dahil nga mayroon na tayong spiritual life at mayroon na tayong spiritual eyes - dahil nakita natin ang kaharian ni Cristo, mayroon na tayong spiritual ears – maririnig na natin ang boses ng ating Mabuting Pastol.

Again, narito ang order of salvation natin:

a) Election - Pagkilala (bago pa man nilikha)
b) Predestination - Pagtatalaga
c) Fall - Pagkahulog (na nangailangan ng kaligtasan)
d) Redemption - Pagtubos
e) Atonement - Paghuhugas (sa pagtanggal ng kasalanan)
f) Regeneration - Kapanganakang-muli (na kinakailangan upang makatugon sa tawag)
g) Call - Pagtawag sa mga hinirang ng Diyos
h) Pagpapawalang-sala – justification
i) Paghihiwalay o pagbubukod (ang resulta ng pananalig) – sanctification
j) Pagluluwalhati – glorification

Ang sabi sa Romans 8:29-30 ay ito: *Yaong mga kinilala ng Diyos noong una pa man, ay Kanya namang tinalaga na makatulad sa wangis ng Kanyang Anak, upang Siya ay maging panganay sa maraming magkakapatid. At yaong Kanyang mga itinalaga, ay Kanyang tinawag (call), yaong Kanyang tinawag ay Kanyang pinawalang-sala (justification), yaong Kanyang pinawalang-sala ay Kanyang niluwalhati (glorification).* Makikita natin sa passage na ito ay nauna iyong kinilala. Whom God foreknew, He predestined to become conformed to the image of His Son. Foreknowledge which is pagkakilala – election, then predestination. Hindi binanggit dito ang redemption, atonement and regeneration. Pumunta na siya agad sa tinawag. Katulad ng sinabi ko kanina, ang differents steps o order of salvation ay hindi naman inilagay ng Panginoon sa isang Bible verse o passage na sunod-sunod kundi ito ay nakakalat. Ang kailangang pag-ingatan ng nag-aaral ng Bible ay ang pagkasalansan – kung paano iprinesent ng Lord ang order of salvation. Kaya dapat matalas ang ating isip, matalas ang ating mata kung paano isinalansan itong order of salvation. Halimbawa, mayroong five parts sa binasa nating passage at may five part sa iba pero kapag pinagsama-sama natin sila, makukuha natin ang tamang order at hindi sila nagkakagulo. Ito ay maliwanag, for whom God foreknew, He also predestined and whom He predestined He called, and whom He called He justified and He then glorified.

Sa pagkakataong ito, ating talakayin ang pagtawag ng Diyos na binanggit sa Romans 8:29-30; ang pagtawag ng Diyos na kinakailangan sapagkat ang tao ay nawawala, naliligaw.

Ang pagtawag ng Diyos sa buhay ng tao ay dalawang uri - - para sa kanyang kaligtasan at para sa kanyang gawain; bagamat, kadalasan ay magkalakip ang dalawang ito. Subalit ang pagtawag ng Diyos

kay Adan (tinawag ng Diyos si Adan – *Where are you?*) Alam naman ng Diyos kung nasaan si Adan subalit bakit pa Niya ito tinawag? Hindi upang siya ay iligtas o bigyan ng misyon kundi upang bigyang diin ang kanyang pagkawala o pagkahiwalay sa Diyos dahil sa kasalanan (Genesis 3:8-9).

Mayroong tinatawag ang Lord, *Nasaan ka?* Iyon ang Kanyang mga nawawalang tupa. Hindi ko naman sinasabi na tupa si Adan nang time na iyon sapagkat iba ang ipinapahiwatig doon.  Pero ganon na rin ang Kanyang pagtawag sa Kanyang mga tupa – *Nasaan kayo?* Kailangang malaman natin na tayo ay nawawala. Kaya kapag tayo ay ipinanganak-muli, alam mo na ikaw ay nawawala at mayroon kang hinahanap sa buhay mo at doon mo makikita ang kaharian ni Cristo. Ang unang tawag ay para tumanggap sa mensahe ng kaligtasan at ang pangalawang tawag ay para sundin mo ang sinasabi sa iyo ng Diyos. Ito ay parang magkaiba pero magkalakip.

Ang tao, dahil sa kasalanan, ay nawala sa presensya ng Diyos, siya ay napalayas sa Paraiso at mula noon ay nagkaligaw-ligaw ng landas. Dahil sa kasalanan, ang lahat ng nagmula sa lahi ni Adan ay ipinapanganak na wala sa presensya ng Diyos, mistulang ligaw; pati ang mga tupa ni Cristo ay ligaw - - mga tupang ligaw nang isilang sa mundo. Kaya mauunawaan natin ang sinabi ni Cristo sa Luke 19:10: *Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw*. At kapag natagpuan na Niya ang isang tupa, ito ay Kanya nang tatawagin. Ganoon din tayo. Naghahanap tayo ng mga tupang ligaw.

Sa Genesis 6, matutunghayan natin ang kuwento ni Noah at ng dilubyo, ang malaking bahang lampas bundok. Nakita ng Diyos ang sukdulang corruption sa mundo na punong-puno ng karahasan. Napaka-*corrupt* na ng kanilang cultura; ng clase ng kanilang pamumuhay o way of life. Walang patuloy na ginawa ang mga tao kundi mag-isip ng kawalanghiyaan lamang ng walang patid. Kaya sinabi ng Lord kay Noah, *bibigyan Ko ng wakas ang sanlibutan, sapagkat ang buong mundo ay puno ng karahasan dahil sa kanila. Kaya gumawa ka ng isang arkong gawa sa kahoy na cypress para sa iyong sarili.* Sinabi rin sa same chapter verse 9 na Noah was a righteous man. Tinawag ng Lord si Noah subalit pansinin natin na bago siya tinawag ng Lord, dineclare muna siya as righteous sa verse 9 at pagkatapos ay tinawag siya sa gawain sa verse 14.  Kaya nauuna ang pag-declare ng Lord na righteous o not guilty sa tao bago sa kanyang pagtawag upang sundin ang pinag-uutos ng Diyos. Magkalakip iyon pero distinct, ito ay magkaiba. Naging daan ng kaligtasan ni Noah at ng kanyang sambahayan ang ipinagawa sa kanya ng Diyos. Hindi sila nadamay sa silakbo ng galit ng Diyos bagkos sila ay naligtas dahil sa pagtitiwala sa salita ng Diyos.

Sa Genesis 12 naman nakatala ang pagkatawag sa buhay ni Abraham. Nagpakita ang Diyos kay Abraham na Kanyang sinabihang, *Lisanin mo ang iyong bayan, ang iyong mga kababayan, at ang sambahayan ng iyong ama at pumunta ka sa lupain na ipakikita Ko sa iyo. Gagawin kitang isang dakilang nasyon at pagpapalain kita. Gagawin Kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala. Pagpapalain Ko ang magpapala sa iyo, at kung sino ang susumpa sa iyo ay Akin ding susumpain; at lahat ng mga bayan sa mundo mapagpapala sa pamamagitan mo.* Ito ay dapat na nauunawaan na natin na kaya nakasunod si Abraham sa Diyos ay dahil mayroon na siyang spiritual relationship sa Kanya. Otherwise hindi niya maririnig ang tinig ng Diyos. Something has to happen in our life for us to recognize the voice of God. Before obedience, mayroong nangyari – iyan ay ang regeneration. Bago ang tawag, na-regenerate muna ang tao para siya makasunod. Otherwise, ang natural man ay hindi susunod sa Diyos. No one seeks after God, no not one. Sinasabi sa Genesis 15:6 na ang pagtitiwala ni Abraham sa salita ng Diyos ay itinuring para sa kanya na katuwiran. Ito ang soberenidad ng Diyos, ang katumbas ng ating pagtitiwala sa Kanyang salita ay pagiging matuwid natin. Binibigyan Niya tayo ng *Not guilty* na sentence. Iyon ang justification.

Sa Exodus 3 naman natin mababasa ang pagtawag ng Diyos sa buhay ni Moses matapos na siya ay manirahan sa ilang ng Median mula sa pagkatakas niya sa palasyo ng Pharaoh. Isang araw, tinawag ng Diyos ang pansin ni Moses sa pamamagitan ng isang *burning bush*. Tinawag ng Diyos si Moses upang siya ang mamuno sa bayan ng Israel mula sa pagkakaalipin sa Egypt tungo sa *Promised Land.* Again, tinawag ng Diyos si Moses for a particular mission. Paano nakakasunod ang tao sa utos ng Diyos? Siya ay na-born-again na.

Tungkol naman sa pagkatawag kay David, sinabi ng Lord kay Samuel, *I will send you to Jessie the Bethlehemite for i have provided for Myself a king among his sons.* Sa 2 Samuel 7:8, inutos ng Lord kay Samuel na sabihin ito kay David, *I took you from tending sheep in the pasture and selected you to be the leader of my people, Israel.* In-anoint ng Lord si David and later on ipinahayag ng Lord kay David, Ako ang tumawag sa iyo, naroon ka pa sa pastulan, hiniwalay na Kita. Pinili na Kita. I selected you to be the leader of My people Israel. Throughout history makikita natin ang mga tinawag ng Diyos for special mission.

Sa 2 Timothy 2:15 sinabi ni Paul, do your best to present yourself to God as one approved, a worker who has no need to be ashamed, rightly handling the word of truth. Kailangan ganoon tayo sa ating pag-aaral. Kailangan rightly dividing the word of truth. Ang ating pagsasalansan sa salita ng Diyos ay tama dapat para hindi tayo magkamali sa ating mga pinaniniwalaan na mga doctrina.

Sa New Testament, sa Matthew 4:18-22 naman matutunghayan ang pagkatawag sa buhay ni Andrew, Peter, John at James. Tinawag sila ni Cristo, and take note, agad-agad nilang iniwan ang kanilang ginagawa at sumunod sa Panginoon. Hindi nila mare-resist ang tawag ng Diyos. Kapag na-born again na ang tupa ni Cristo, hindi nila mare-resist ang tawag ng Diyos. Iiwan mo ang iyong ginagawa at susunod ka sa pinag-utos ng Diyos sa iyo.

Sa John 10:3, ipinahayag ni Cristo na Siya ang mabuting pastol; kilala Niya ang Kanyang mga tupa at alam Niya ang kani-kanilang pangalan. At kilala din naman ng Kanyang mga tupa ang Kanyang tinig at sila ay sumusunod sa Kanya. Kaya kayo narito at nakikinig sa ating lesson, sapagkat kayo ay tinawag ng Lord.

Mababasa natin sa Luke 19:1-10 ang kasaysayan ng pagkakilala ni Zacchaeus sa Panginoong Jesus. Ito ay magandang kuwento para maipaliwanag natin ang mga different steps, nakapaloob dito ang order of salvation:

> *Dumating si Jesus sa Jericho kung saan Siya ay daraan. Mayroong isang lalaki doon na nagngangalang Zacchaeus; siya ay colector ng buwis at mayaman. Gusto niyang makita kung sino si Jesus,* (may curiosity na si Zacchaeus) *subalit dahil sa kanyang kapandakan at sa dami ng tao, hindi niya makita si Jesus. Kaya siya ay patakbong nauna at umakyat sa isang puno ng sycamore kung saan dadaan si Jesus* (makikita natin ang ginawang effort ni Zacchaeus dahil kulang siya sa tangkad).
>
> *Nang dumating si Jesus sa may punong iyon, tumingin Siya pataas at nagsalita, "Zacchaeus, bumaba ka agad dito. Kailangan Kong tumuloy sa bahay mo ngayon." Kaya bumaba siya agad at malugod niyang tinagggap si Jesus.* (Makikita natin dito na kilala ni Jesus si Zacchaeus, by name)
> *Nakita ito ng madla at sila ay nagsimulang magbulungan, "Naging panauhin Siya ng isang makasalanan."*

*Subalit tumindig si Zacchaeus at nagsabi kay Jesus, "Masdan Ninyo Panginoon! Ngayon din ibinibigay ko ang kalahati ng aking mga ari-arian sa mahihirap, at ang sino man na aking nadaya ay babayaran ko ng apat na patong maging ano man yaon."*

*At sinabi sa kanya ni Jesus, "Dumating ngayon ang kaligtasan sa tahanang ito, sapagkat ang taong ito rin ay anak ni Abraham. Kaya nga ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw."*

Dahil sa ating pag-aaral ng mga doctrinang may kaugnayan sa kaligtasan ng tao, mauunawaan natin ang ibang mga pangyayaring bumabalot sa kuwentong ito ni Zacchaeus:

1) Nagkaroon ng matinding interes si Zacchaeus kay Jesus sapagkat siya ay hinahatak na ng Diyos Ama tungo sa Diyos Anak. Ito ang nangyayari behind the scene, ang hindi nakikita ng physical eyes. Ang nangyayari  Hindi nakikita ng physical eyes natin ang nangyayari sa ating buhay but through our spiritual eyes, our discernment ay nauunawan natin kung ano ang ginagawa ng Diyos sa ating buhay.
2) Alam ni Cristo ang pangalan ni Zacchaeus sapagkat siya ay Kanyang tupa.
3) Tinawag siya ni Cristo.
4) Sumunod agad si Zacchaeus sa tawag ni Cristo sapagkat siya ay naborn-again na.
5) Nagbunga agad ang kaligtasang dumating kay Zacchaeus ng restoration. Ayon sa kuwento, sinabi niya na babayaran niya ng apat na patong ang mga naagrabiyado niya at kalahati ng kanyang yaman ay ibibigay niya sa mahihirap. Ang mga taong na-born again at sumusunod sa tawag ni Cristo ay makikitaan natin ng pagbabago.

Ang second call, ang obedience ay nagpapatunay ng katotohanan ng unang tawag, yung belief. Justification is proven by obedience. Kung justified na tayo, napawalang-sala na tayo, at tinawag tayo ni Cristo sa gawain, sumusunod na tayo. Katunayan na bunga ng ating justification ay obedience. As soon as justified na tayo, ang kasunod na nito ay sanctification.

Ang sabi sa Romans 10:17 ay ito: *Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig ng mensahe, at ang mensahe ay naririnig sa pamamagitan ng salita ni Cristo*. Ang pagtawag ng Diyos sa mga tupang ligaw ni Cristo ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo sapagkat naririnig nila ang tinig ng kanilang mabuting pastol. Ibig sabihin, hindi maaaring ihiwalay ang salita ni Cristo sa mabuting balita ng kaligtasan para sa sanlibutan.

Ipinakikita ng Bibliya na ang bawat tupa ni Cristo ay Kanyang kinakatagpo sa takdang panahon. Maaaring sa simula, ang pakikipagtagpong ginagawa ng Diyos ay grupo-grupo tulad noong panahon ni Moses at noong panahon ng mga apostol, at pagkatapos ay tao-tao na tulad ng kuwento ni Nicodemus, Zacchaeus, ng *adulterous woman* at ng *woman at the well*. Ito ay different settings. In other words, we cannot box God. Maaaring ang pagliligtas ay by household, iyong Philippian jailer naligtas ang kanyang buong sambahayan.  Sa ating panahon, ganito pa rin ang nangyayari – grupo-grupo at tao-tao. Matapos ang simulang *encounter with the Lord*, nagiging palinaw nang palinaw sa mananampalataya ang tawag ng Panginoon sa kanyang buhay, una tungkol sa kaligtasan at pangalawa ang tungkol sa gawain o misyon.

## I. *Multiple Choice*

1. Ang sabi sa Romans 8:29-30 na ang kinilala ng Diyos ay Kanyang
   a. Tinubos
   b. Tinawag
   c. Tinalaga

2. Sa Romans 8:29-30 pa rin, sinabi rito na ang tinalaga ng Diyos ay Kanyang
   a. Tinubos
   b. Tinawag
   c. Pinawalang-sala

3. May dalawang uri ang pagtawag ng Diyos sa tao,
   a. Para sa kanyang kaligtasan at kasiguruhan
   b. Para sa kanyang kaligtasan at katahimikan
   c. Para sa kanyang kaligtasan at gawain

4. Bakit tinawag ng Diyos si Adan?
   a. Sapagkat siya ay nagtago sa halamanan sa hardin
   b. Upang siya ay iligtas ng Diyos
   c. Upang bigyan diin na siya ay nawalay sa Diyos dahil sa kasalanan

5. Ang unang tawag sa atin ay
   a. Para matanggap natin ang mensahe ng kaligtasan
   b. Para isakatuparan ang ating layunin
   c. Para sa ikabubuti ng ating buhay

6. Ang tao ay nawala sa presensya ng Diyos at napalayas sa Paraiso dahil sa
   a. Kasalanan
   b. Kahibangan
   c. Katigasan ng ulo
7. Ayon sa Luke 19:10, si Cristo ay naparito upang
   a. Pagkalooban tayo ng buhay na walang hanggan
   b. Hanapin at iligtas ang naligaw
   c. Magkaroon ng kapahingahan ang mga napapagal

8. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tama maliban sa
   a. Ang pagtitiwala ni Noah sa salita ng Diyos ang nagligtas sa kanya at sa kanyang pamilya mula sa silakbo ng galit ng Diyos.
   b. Si Noah ay matuwid sa mata ng Diyos.
   c. Si Noah ay sumunod sa utos ng Diyos kaya siya ay tinuring na matuwid sa mata ng Diyos.

9. Bago tayo makasunod sa tawag ng Diyos, mayroon munang nangyayari sa atin at ang tawag dito ay
   a. Justification
   b. Regeneration
   c. Election

10. Ang _______________ ang nagpapatunay ng katotohanan ng unang tawag, ang belief.
   a. Humility
   b. Patience
   c. Obedience

## II. Essay

Sa pananaw ng katotohanan na ikaw ay pinili ng Diyos

a) Ano dapat ang iyong mga hangarin o layunin sa buhay?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised May 23, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.